

ANO ANG KARAHASAN SA TAHANAN?

Ang karahasan sa tahanan ay isang pattern ng mapang-abusong gawi na ginagamit ng isang tao para kontrolin ang ibang tao. Maaaring maganap ang karahasan sa tahanan sa pagitan ng mga partner, dating partner, o mga miyembro ng pamilya. Maaaring kabilang rito ang pisikal, sekswal, emosyonal, at pinansiyal na pang-aabuso, bilang dagdag pa sa iba pang mapilit o makontrol na gawi.

GINAGAWA BA NG IYONG PARTNER KAILANMAN...

... na kontrolin kung ano ang iyong ginagawa at sino ang nakikita ninyo sa paraang nakakagambala sa inyong gawain, edukasyon, o personal na buhay?

... gumamit ng teknolohiya para sundan, subaybayan, o takutin ka?

... ikaila ang iyong mga pangunahing pangangailangan katulad ng pagkain, pabahay, damit, o tulong medikal at pisikal?

... hampasin, sipain, itulak, o saktan ka? Nagbabanta na gagamit ng mga armas o bagay laban sa iyo?

... nagbabanta na sasaktan ka o ang iba pa, ipinatapon ka na ba, isiwalat ang iyong oryentasyong sekswal, o iba pang personal na impormasyon?


... nakawin o sirain ang iyong mga gamit?

... pilitin o puwersahin kang gumawa ng mga hindi gustong sekswal na gawain?

... sinabi sa iyo na ikaw ay hindi mabuting magulang o nagbabantang sasaktan o kunin ang iyong mga anak?

... pinipigilan o sinisikap na pigilan ka na makita ang mga kaibigan o pamilya, o pagpapakita ng matinding selos sa iyong mga kaibigan at pamilya?

... pinipilit kang gumamit ng ilegal na droga o alkohol?



YWCA Sentro ng Tanggapan para sa Kababaihan

4410 Hardy St. Līhu‘e, HI 96766

Opisina ng Admin ng YWCA

3094 Elua St. Līhu‘e, HI 96766

(808) 245-5959 Opisina

YWCA AY NASA ISANG MISYON

Ang YWCA Kaua‘i ay nakatuon sa pag-aalis ng rasismo, pagbibigay ng kapangyarihan sa kababaihan, at pagtataguyod ng kapayapaan, katarungan, kalayaan, at dignidad para sa lahat.



YWCAKAUAI.ORG

pag-aalis ng rasismo at
pagbibigay ng kapangyarihan
sa kababaihan

ywca

Kaua‘i



Libre at Kumpidensyal MGA SERBISYO SA KARAHASAN SA TAHANAN

Naglilingkod ang Kaua‘i mula noong 1921

**24 ORAS NG HOTLINE:
TAWAGAN: (808) 245-6362**

Mga Serbisyo para sa mga Apektado ng Karahasan sa Tahanan

Libre at Kumpidensyal na Suporta

AGARANG SUPORTA

24 ORAS NA TULONG AY NARITO PARA SA IYO

Ang ating 24/7/365 hotline, (808) 245-6362, ay sinusuportahan ng mga dalubhasang sinanay na kawani na maaaring tumulong sa mga kahilingan para sa mga serbisyo ng YWCA, medikal na paggamot, pag-uulat, mga pangkalahatang tanong, at mga referral na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan. Available din ang Crisis Intervention Specialist 24/7 para sa telepono o sa personal na pagtugon sa krisis, kabilang ang pagpapayo at tulong sa krisis.

MGA SERBISYO SA WEB CHAT AT SUPORTA SA TEXT

Ang pagtawag sa telepono sa isang linya ng tulong o pag-alis ng bahay ay hindi laging posible kapag nakakaranas ka ng pang-aabuso. Para sa karamihan, ang isang online na chat ay maaaring maging mas komportable kaysa sa isang tawag sa telepono o pakikipagpulong sa isang tagapagtaguyod nang personal. Pumunta sa ywcakauai.org/chat o magtext sa (808) 245-6362.

Magagamit araw-araw
9 am - 10 pm



YWCA AY NARITO PARA SA IYO

Ang mga serbisyo ng YWCA Kaua'i ay available sa mga nakaligtas sa lahat ng edad, kasarian, at oryentasyong sekswal.

Ang ating mga pasilidad ay sumusunod sa ADA at ang mga serbisyo ng tagapagsalin ay available nang walang bayad.

Sinusuportahan natin ang mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan na nakakaranas ng iba't ibang anyo ng dahas at pagkontrol sa kanilang matalik na karelasyon o pamilya, hindi lamang sa pisikal na pang-aabuso.

MAAARING MANGYARI ANG KARAHASAN SA TAHANAN SA SINUMAN

1 sa 3 kababaihan at 1 sa 4 na kalalakihan ay nakakaranas ng ilang uri ng karahasan sa tahanan anuman ang edad, katayuan sa pamumuhay, edukasyon, lahi, oryentasyong sekswal, o relihiyon. 30-50% ng mga transgender na tao ay nakakaranas ng karahasan sa tahanan sa kanilang buhay.

Karagdagang Mga Mapagkukunan

Serbisyo para sa Kabataan at Pamilya - (808) 245-5914

KPD Domestic Violence Coordinator - (808) 241-1695

Koalisyon ng Estado Laban sa DV ng Hawai'i - hscadv.org

Pambansang Koalisyon Laban ng DV - ncadv.org

Pambansang DV Hotline - thehotline.org

IBA PANG MGA SERBISYO

KANLUNGAN PARA SA MGA MAY KARAHASAN SA PAMILYA

Nag-aalok ang kanlungan ng YWCA Kaua'i ng kaligtasan at mga serbisyo para sa lahat ng nakaligtas, anuman ang kasarian o oryentasyong sekswal. Kabilang dito ang: silid at board, pagpapayo, 24-oras na tulong sa krisis, suporta sa pabahay, at tulong para sa mga bata.

Ang lokasyon at lahat ng serbisyonang inaalok ng Kanlungan ay libre at kumpidensyal.

MGA PANSAMANTALANG RESTRAINING ORDER

Ang tulong ay available para sa mga naghahanap ng legal na proteksyon mula sa mga abusadong partner o miyembro ng pamilya. Tutulungan ka ng ating Tagapagtaguyod sa pagkumpleto at paghahain ng restraining order pati na rin ang pagbibigay ng emosyonal na suporta at samahan sa korte.

TULONG SA PABAHAY

Ang pabahay ay isang pangangailangang kritikal para sa marami sa ating mga kliyente. Ang ating Housing Specialist ay tumutulong at nag-uugnay sa mga indibidwal at pamilya sa ibang mga ahensya at negosyo na nagbibigay ng transisyonal at permanenteng pabahay sa Kaua'i.

MGA SERBISYO NG PAGPAPAYO

Ang trauma ng karahasan sa tahanan at kinakasama ay maaaring magkaroon ng pangmatagalang epekto sa mga indibidwal at pamilya. Gumagamit ang ating mataas na kwalipikadong kawani ng kasanayang nakabatay ayon sa ebidensya para makatulong na makabuo ng mga kasanayang kinakailangan upang pagalingin at mapanatili ang malusog na mga relasyon.

TULONG PARA SA MGA KABATAAN

Ang mga kabataang nakaranas o nakasaksi ng pang-aabuso ay maaaring maapektuhan sa maraming paraan. Ang lahat ng mga batang nasa antas ng edad ay maaaring maapektuhan at maaaring makaranas ng takot at pagkabalisa, kawalang-tatag, pagkalito, paghihiwalay, kawalan ng pag-asa, at kalungkutan. Narito ang ating Children's Services Specialist para tulungan ang mga bata na makayanan ang problema ng karahasan sa tahanan at makikipagtulungan sa mga magulang para ikonekta sila sa mga mapagkukunan.

MGA ALTERNATIBO SA KARAHASAN

Ang isang batterer intervention program na may layuning mapanatiling ligtas ang mga biktima at magbigay ng paraan para magsimula ang mga abusadong partner sa landas ng tunay na pagbabago sa kanilang mapang-abusong pag-uugali.

